
MISSALETTE
27 Setyembre 2026 • IKA-26 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A



# 'HESUS, MATULAD NAWA ANG AKING PUSO SA IYONG PUSO'

Ngayon ika-26 Linggo sa Karaniwang Panahon, inaalala natin ang mga mandaragat at migrante. Sa Mabuting Balita, ang anak na tumanggi ngunit sumunod ay higit na malapit sa Diyos kaysa sa nagsabing "oo" ngunit hindi naman kumilos. Ipinapaalala nito na ang nagsisisi at nagbabago ay tinatanggap ng Diyos. Inaanyayahan tayo ng Diyos na magsimulang muli. Sa Banal na Eukaristiya, tanggapin natin ang Kanyang biyaya at hayaang baguhin ni Hesus ang ating puso upang lagi tayong sumunod sa Ama at maisabuhay ang ating "oo" tulad ng kay Hesus.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Lahat ng iyong ginanap
ay makatarungang lahat,
yamang kami'y sumalungat,
parusa'y 'yong inilapat.
Hiling namin ay patawad.

*(Dan 3, 32, 29.30.43.42)*

### PAGBATI

**P** –Luwalhati't papuri kay Hesukristong itinanghal na Panginoon ng langit at lupa. Ang kanyang pag-ibig at kapayapaan ay sumainyong lahat.
**B –At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Natitipon sa harap ng Diyos para sa pag-aalay ng Banal na Eukaristiya, buong kababaang-loob nating aminin ang ating mga kasalanan at hingin ang awa ng Panginoon. (Tumahimik sandali.)

**P** –Diyos Ama, tinatawag Mo kaming maglingkod sa Iyong ubasan, ngunit madalas naming hindi tinutugunan ang Iyong tawag. Panginoon, kaawaan Mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Diyos Anak, ipinakita Mo sa amin ang kababaang-loob at pagsunod sa kalooban ng Ama, ngunit madalas na di Ka namin tinutularan. Kristo, kaawaan Mo kami.
**B –Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** –Banal na Espiritu, ikaw ang aming inspirasyon para matupad namin ang kalooban ng Ama, ngunit sa halip ay madalas naming sinusunod ang sari-sarili naming mga plano at kagustuhan. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B –Amen.**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –**Ama naming makapangyarihan,
ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad
at ang iyong laging ipinakikita ay pagkahabag.
Padaluyin mo sa aming walang humpay
ang kagandahang-loob mong sa ami'y inilaan
upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay
kami'y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B–Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa — Ez 18, 25-28

Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

**Ito ang sinasabi ng Panginoon: "Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko. Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot. Kapag ang isang taong matuwid ay nagpakasama, mamamatay siya dahil sa kasamaang ginawa niya. At ang masamang nagpakabuti at gumawa ng mga bagay na matuwid ay mabubuhay. Dahil sa pagtalikod sa nagawa niyang kasamaan noong una, mabubuhay siya, hindi mamamatay."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN

Sal 24, 4bk-5. 6-7. 8-9

**B – Poon, iyong gunitain,**
**wagas mong pag-ibig sa 'kin.**

*R. M. Velez*







* Ang kalooban mo'y ituro, O Diyos,
ituro mo sana sa aba mong lingkod;
ayon sa matuwid, ako ay turuan,
ituro mo Poon, ang katotohanan;
tagapagligtas ko na inaasahan. **B.**

* Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas,
at ang kabutihang noon pa'y nahayag.
Patawarin ako sa pagkakasala,
sa kamalian ko nang ako'y bata pa;
pagkat pag-ibig mo'y hindi nagmamaliw,
ako sana, Poon, ay alalahanin! **B.**

* Mabuti ang Poon at makatarungan,
sa mga salari'y guro at patnubay;
sa mababang-loob siya yaong gabay,
at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B.**

### Ikalawang Pagbasa — Fil 2, 1-11

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Mga kapatid:**
**Nagbibigay ba sa inyo ng kasiglahan ang buhay na nakaugnay kay Kristo? Naaaliw ba kayo ng kanyang pag-ibig? May pagkakaisa ba kayo sa Espiritu Santo? Kayo ba'y may nadaramang hangarin na tumulong sa iba? Kung gayon, lubusin ninyo ang aking kagalakan—maghari sa inyo ang**

**pagkakasundo, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig at maging isa kayo sa puso't diwa. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo'y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili. Magpakababa kayo tulad ni Kristo Hesus:**

**Na bagama't siya'y Diyos,**
**hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos,**
**bagkus hinubad niya**
**ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos,**
**nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.**
**Nang maging tao,**
**siya'y nagpakababa at naging masunurin**
**hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.**
**Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos**
**at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.**
**Anupa't ang lahat ng nilalang na**
**nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa**
**ay maninikluhod**
**at sasamba sa kanya.**
**At ipapahayag ng lahat**
**na si Hesukristo ang Panginoon,**
**sa ikararangal ng Diyos Ama.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya — Jn 10, 27

**B** – Aleluya! Aleluya!
Ang tinig ko'y pakikinggan
ng kabilang sa 'king kawan;
ako'y kanilang susundan.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Mt 21, 28-32

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga punong saserdote at mga matatanda ng bayan: "Ano ang palagay ninyo rito? May isang tao na may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, 'Anak, lumabas ka at magtrabaho sa ubasan ngayon.' 'Ayoko po,' tugon niya. Ngunit nagbago ang kanyang isip at siya'y naparoon. Lumapit din ang ama sa ikalawa at gayundin ang kanyang sinabi. 'Opo,' tugon nito, ngunit hindi naman naparoon. Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?" "Ang nakatatanda po," sagot nila. Sinabi sa kanila ni Hesus, "Sinasabi ko sa inyo: ang mga publikano at masasamang babae'y nauuna pa sa inyong pasakop sa paghahari ng Diyos. Sapagkat naparito sa inyo si Juan at ipinakilala ang matuwid na pamumuhay, at hindi ninyo siya pinaniwalaan. Ngunit pinaniwalaan siya ng mga publikano at ng masasamang babae. Nakita ninyo ito, subalit hindi pa rin kayo nagsisi at naniwala sa kanya."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at**
**nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –**Ang Diyos ay hindi tumitingin sa panlabas na anyo o sa mga hungkag na salita, kundi sa pusong tunay na nagbabalik-loob sa Kanya. Hindi Niya hinahanap ang ating mga pangako bagkus ang pagsunod na tulad kay Kristo. Nagtitiwala sa Kanyang awa, tayo ay manalangin. Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.

**B–Panginoon, dinggin Mo kami.**

* Para kay Papa Leon XIV, sa mga obispo at pari—nawa'y maisabuhay nila ang kanilang ipinapangaral nang may kababaang-loob at pag-ibig. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating mga pinuno—nawa'y magkaroon sila ng lakas ng loob na ituwid ang mali at maglingkod nang may katarungan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating Parokya—nawa'y talikuran natin ang pagmamayabang at maging handang magbago at maglingkod. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga maysakit—nawa'y maranasan nila ang kaaliwan ng awa at pag-ibig ng Diyos. Manalangin tayo. **B.**

**P –** Diyos naming mapagmahal, tinatawag Mo kami hindi lamang upang magasabi ng 'oo', kundi upang isabuhay ito. Ipagkaloob mo sa amin ang biyaya ng tunay na pagbabalik-loob upang matupad namin ang Iyong kalooban araw-araw. Hinihiling naming ito sa pamamagitan ni Kristo, aming Panginoon.
**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon
itong paghahain sa iyong mga kamay
sa kapurihan niya at karangalan,
sa ating kapakinabangan**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –**Ama naming Lumikha,
loobin mong ikalugod ang aming paghahandog
at ito nawa ay siyang magkaloob
ng iyong pagpapalang sa ami'y umaagos
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B–Amen.**

## PREPASYO VII

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B –Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P –**Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan,
ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal.
Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang;
ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan.
Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin
bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin.
Niloob mo ito upang iyong mamalas
sa aming pagkatao ang giliw mong Anak
at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad
ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat.
Ang katapatan niya sa iyong walang maliw
ay nagpanumbalik na muli sa amin
ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin
na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo
Panginoong Diyos
ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala ang naparirito
sa ngalan ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!**

## PAGBUBUNYI

**B –**Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Ang pangako mo sa akin
ngayo'y iyong gunitain.
Pag-asa kong tatanggapin
kahit aba sa 'yong tingin
ang pagsamo ko't dalangin.

*(Sal 119, 49-50)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG


**P** –Ama naming mapagmahal,
ang aming banal na pakikinabang
ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming katauhan
upang kami'y makatambal sa kaluwalhatian ng
aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na
amin ngayong ipinahayag sa ginanap na pagdiriwang
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang bukas-palad na magsikap sa ubasan ng Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua